タガログ語

1 Mga Uri ng Sertipiko

	Mga uri ng sertipiko at mga kaukulang bayarin para sa bawat kopya ng sertipiko.	Pangunahing nilalaman ng sertipiko	Mga kailangang dokumento atbp. para sa aplikasyon	Issuance Counter
Sertipiko ng pagbayad ng buwis	Sertipiko ng pagbabayad ng buwis *(nouzei shoumeisho)* (200 yen) (note 1) (Municipal/prefectural Inhabitants (resident) tax, corporate inhabitant tax, light vehicles tax, property tax / city planning tax)	Mga bubuwisan, halaga ng buwis na dapat bayaran, halaga ng buwis na nabayaran na, halaga ng buwis na hindi pa lumalagpas sa due date atbp.	ID o Mga dokumento na magpapatunay ng personal na pagkakakilanlan ng aplikante (Kailangan ng authorization kapag proxy)	• General Tax Counter (Main Government Building 2F) *(zeimu sougou madoguchi)* • Citizen Relations Division (*Shimin ka)* (Main Building 1F) • Citizen Welfare Division sa bawat general branch • UST Plaza Office • (Citizen's Relations Division ng Hisai General Branch Office) Counter na nag-iisyu ng mga sertipiko kapag off-hours • Sa bawat branch ng munisipyo.
	Sertipiko ng kumpletong pagbayad ng buwis (*kanou shoumeisho)* (200 yen)	Sertipiko na magpapatunay na wala kayong utang sa buwis		
	Sertipiko ng pagbabayad ng buwis para sa maliliit na sasakyan (*kei jidoushazei shubetsuwari nouzei shoumeisho*) (para sa inspeksyon) (walang bayad)	Plate number, petsa ng pagbayad, expiration ng sertipiko, atbp.	Mga dokumento na magpapatunay ng personal na pagkakakilanlan. Kapag proxy, [Kailangan ang authorization o kaya vehicle inspection certificate] (pwede ang xerox copy)	
Mga sertipiko kaugnay sa resident tax	Income certificate *(shotoku shoumeisho*) (200 yen)	Halaga ng kita at iba pa	ID/Mga dokumento na magpapatunay ng personal na pagkakakilanlan ng aplikante. [Kailangan ang letter of authorization kapag proxy]	
	Income tax certificate (200 yen)(*shotoku kazei shoumeisho)* Ang Sertipikong ito ay hinihingi sa pag-apply para sa [allowance ng bata o *Jidou Teate*]	Halaga ng kita, binabawas na halaga mula sa kita, standard na halaga ng buwis, halaga ng municipal/prefectural resident tax, atbp.		
Mga sertipiko kaugnaay sa property tax	Valuation certificate (*hyouka shoumeisho*) (200 yen) (Note: 2)	Numero ng lokasyon, area at tantiyang halaga atbp ng bahay at lote.		• General Tax Counter (Tsu City Hall Main Building 2F) • Citizen`s Relation Division (City Hall Main Building 1F) • Hisai Branch Property Tax Division • Sa bawat general branch office • Sa bawat branch ng munisipyo
	Sertipiko ng mga buwis at iba pang mga pampublikong bayarin (200 yen) (Tala: 2) *(kouso kouka shoumeisho)*	Numero ng lokasyon ng lote at bahay, lot area, propery tax / city planning tax depende sa halaga, atbp., ng bahay at lawak ng lupain		
	Appraised value at tax base amount certificate *(Hyouka gaku at kazei hyoujun gaku shoumeshou*) (200 yen) (Note: 2)	Numero ng lokasyon ng bahay at lupa, area, appraised value, tax base amount atbp ng bahay at lote.		
	Kopya ng property tax ledger (Ginagamit para makita ang property tax) (200 yen) *(kotei shisan kazei daicho no utsushi)* [Gayunman, sa panahon ng inspeksyon, libre ito para sa mga obligadong magbayad ng buwis]	Numero ng lokasyon ng lote, area, appraised value, property tax/ city planning tax base sa halaga atbp., ng isang bahay at laki ng lupain.		

	Residential house certificate (1,300 yen) *(juutaku-you kaoku shoumeisho)*	Patunay na ang bahay ay gagamitin bilang tirahan	Certificate of registered matters (sertipiko ng lahat ng pagrerehistro) resident certificate *jumin-hyo*, atbp.	• General Tax Counter (Tsu City Hall Main Building 2F) • Property Tax Division • Citizen Welfare Division sa bawat General Branch Office
	Iba pang sertipiko hinggil sa mga ari-arian (200 yen)	Tax certificate (hinggil sa property tax), atbp.	Mga dokumento na magpapatunay ng personal na pagkakakilanlan. [Kailangan ang letter of authorization) Kapag proxy.	• General Tax Counter (Tsu City Hall Main Building 2F) • Property Tax Division • Citizen Welfare Division sa bawat General Branch Office (Iniisyu sa mga sumunod na araw)

(Note 1) Certificate of tax payment: 200 yen para sa bawat 1 taon

(Note 2) Valuation certificate, sertipiko ng mga buwis at iba pang mga pampublikong bayarin, halaga ng valuation at tax base amount certificate: 200 yen para sa isang application, hanggang 8 piraso ng lupain/bahay kada application

2 Mga oras na bukas ang opisina

General Tax Counter/*Zeimu sougou madoguchi* (Tsu City Hall Main Building 2F) Citizen`s Relation Division (City Hall Main Building 1F) /*Shimin ka* Hisai Branch Office Property Tax Division/ *Shisan Zeika Hisai Bunshistu* (Porta Hisai 3F) Citizen Welfare Division ng bawat general branch office/ *Shimin Fukushi ka* (Hisai General Branch Office Citizen`s Relation Division) *Shimin ka*	Mula Lunes hanggang Biyernes 8:30 AM - 5:15 PM (Walang opisina kapag holiday, national/ public holidays at mula Disyembre 29 – Enero 3)

UST Plaza Office (UST-TSU 4F)	Mula Lunes hanggang Biyernes 8:30 AM - 8:00 PM Sabado, Linggo, national at public holidays 8:30 - 17:00 (Sarado mula Disyembre 29 hanggang Enero 2)

Window na nag-i-isyu ng mga sertipiko kapag lampas na sa regular na oras ng trabaho (Hisai General Branch Office, Citizen`s Relation Division) *Hisai Sougou Shisho Shimin-ka* (Porta Hisai 1F)	Mula Lunes hanggang Biyernes 17:15 PM - 8:00 PM Sabado, Linggo, national/public holidays 8:30 - 17:00 (Hindi kasama ang Disyembre 29 - Enero 3)

3 Mga kailangang ihanda kapag magsusumite ng application sa window

1. Application form (mayroon sa window at maaari rin itong ma-download mula sa website)
2. ID o katunayan ng pagkakakilanlan ng aplikante (taong pupunta sa window) (Pakibasa lamang ang nasa ika-4 tungkol sa pagkumpirma ng pagkakakilanlan)
3. Bayad para sa pagkuha ng sertipiko
4. Letter of authorization (kung proxy ang kukuha ng sertipiko)

Kailangang magpasa ng authorization kung angkop sa alinman sa sumusunod na sitwasyon.

- Kasalukuyang nakatira sa Tsu City subalit ibang tao o hindi miyembro ng pamilya ang magsusumite ng application o kukuha ng sertipiko.
- Kasalukuyang naninirahan sa labas ng Tsu City at ibang tao ang magpapasa ng aplikasyon. (Ang mga sertipiko ay ini-isyu sa indibidwal na batayan).

4 Pagkumpirma ng pagkakakilanlan

Para maprotektahan ang personal na impormasyon ng bawat personalidad sa Tsu City, kinukumpirma muna ang pagkakakilanlan ng bawat indibidwal na nagpupunta sa window sa oras ng aplikasyon. Hinihiling po namin ang inyong pang-unawa at kooperasyon sa pagpapakita ng mga dokumento na magpapatunay ng inyong pagkakakilanlan tulad ng mga dokumento sa sumusunod na talaan:

(a) Isang ID mula sa mga nakalista sa kaliwang bahagi ng kolum.	**[Mga dukomento na may litrato o ID na Inisyu ng pamahalaan o pampublikong ahensya]** (Isang dokumento o ID mula sa sumusunod) driver's license, pasaporte, My Number card (individual number card), residence card, physical disability certificate, atbp. na may litrato at inisyu ng mga pampublikong ahensya o lokal na ng pamahalaan.
(b) Dalawang item mula sa mga nakalista sa kaliwang bahagi ng kolum	**[Mga dukomento na walang litrato o ID na inisyu ng pamahalaan o mga pampublikong ahensya]** (2 ID o dukomento mula sa mga sumusunod) Health insurance card (kabilang na ang health insurance ng mga pribadong kumpanya), annuity certificate, pension booklet, long-term care insurance certificate, o iba pang ID o dukomento na makikita ang pangalan o magpapatunay ng pagkakakilanlan na katumbas ng mga dukomentong nabanggit.
(c) Isang (1) dukomento o ID mula sa kolum na ito at isa(1) din mula sa nakalista sa (b) sa itaas. (bale 2 ID ang kailangan)	**[Mga dokumento o papeles na magpapatunay ng pagkakakilanlan**] (isang item mula sa mga sumusunod)＋(isang item mula sa nabanggit sa (b) sa itaas] Mga dukomento o papeles na magpapatunay ng pagkakakilanlan (may litrato) na inisyu ng mga korporasyon (hindi kasama ang mga inisyu ng organisasyong pambansa o lokal na pamahalaan) o iba pang ID o dukomento na makikita ang pangalan o magpapatunay ng pagkakakilanlan na katumbas ng mga dukomentong nabanggit.